# U.S. Department of Justice Community Relations [kaugnayan sa kommunidad] Service

## Nagsasagawa Kasama ng Nagpapatupad ng Batas & mga Komunidad Upang Pahusayin ang mga Samahan at Pakipagtulungan

Ang United States Department of Justice Community Relations Service (CRS) ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga federal, estado at lokal na nagpapatupad ng batas upang tulungan ang mga komunidad na lutasin ang pagtatalo. Tumutulong ang mga serbisyo ng CRS sa pamamagitan ng pinadaling pag-uusap, pagpamagitan, pagsangguni, at pagsasanay, upang paunlarin ang pagtiwala at pahusayin ang mga samahan ng nagpapatupad ng batas at mga komunidad na sinisilbihan nila. Tumutulong ang mga samahan na ito na padaliin ang paglutas ng mga problema at pahusayin ang pakipag-usap, na nagbabawas ng mga pagkabahala, nililinaw ang mga maling pag-unawa, at nagpapahusay ng karunungan ng mga komunidad na lutasin ang pagtatalo sa hinaharap.

**Nagsasagawa ang CRS kasama ng nagpapatupad ng batas upang**

**Pahusayin ang mga samahan at pakikipag-usap** ng nagpapatupad ng batas at mga magkaibang komunidad sa pamamagitan ng pag-uusap at paglutas ng problema

**Mamamagitan sa mga pagtatalo at pagkabahala** na sumusunod sa mga pangyayaring pinagtatalunan, kabilang ang mga pagpasya sa pag-uusigo paghatol.

**Tulungan ang mga tagaayos na magtanghal ng ligtas ng mga pagtitipingi pangmadla** sa pamamagitan ng pagplano ng pangbaka-sakali at pagsasanay ng mga [tagapangasiwa] sa mga pagtitipon

**Pahusayin ang pagbatid ng mga komunidad** tungol sa mga batas pangkasuklaman, paghadlang,at pagtugon

**Pahusayin ang pagbatid ng nagpapatupad ng batas** tungkol sa mga ugali at gawain ng mga magkaibang komunidad na sinisilbihan nila

### Mga Serbisyo at Programa

#### Pinapalakas ang mga samahan ng pulisya at kommunidad (SPCP)

Nag-aalok ang CRS ng isang buong araw na programa na magtitipon ang mga nagpapatupad ng batas at mga pinuno ng komunidad upang tukuyin ang mga problema sa komunidad at pahusayin ang samahan ng pulisya-komunidad. Inilunsad ang SPCP up ang tulungan ang mga komunidad na madagdagan ang lokal na kakayahan at paunlarin ang mga kalutasan sa mga lokal na problema



Lumahok si Chief of Police Cecil Smith (kaliwa) at Mayor Jeff Triplett (gitna), ng Sanford, Florida, sa pagtitipong pampagdasal ng komunidad, noong 2013 na bunga ng paghatol sa nangyari kay Trayvon Martin. Nagsagawa ang CRS kasama ng nagpapatupad ng batas, tanggapan ng mayor, at mga pinuno ng pananampalataya upang bawasan ang pagtatalo at pagkabahala na bunga ng kaso.

(Photo ng: Scott Olson/Getty Images)

#### Pagpamagitanat Pinadaling Pag-uusap

Sa pagtugon sa pinagtatalunang mga pangyayari o matagal nang kawalan ng tiwala na naglilikha ng mga pagkabahala sa komunidad (kabilang ang mga pagbabaril na kasangkot ang pulis o pagpasya ng pag-uusig o paghatol), nagkakaloob ang CRS ng pagpamagitan at pinadaling pag-uusap sa mga nagpapatupad ng batas at may-kapakanan sa komunidad ang pulis o pagpasya ng pag-uusig o paghatol), nagkakaloob ang CRS ng pagpamagitan at pinadaling pag-uusap sa mga nagpapatupad ng batas at may-kapakanan sa komunidad upang tulungang bawasan ang pagkabahala, dagdagan ang pagbahagi ng impormasyon, at paunlarin ang kasunduan ng mga panig.

#### Pagsasanay para sa Pag-alalay ng mga Ligtas na Pagtitipong Pangmadla

Nagkakaloob ang CRS ng pagsasanay sa pampagplano ng pangbaka-sakali at para sa marsyal sa pagtitipon sa mga tagapag-ayos na napaplano ng mga pagtitipong pangmadla, kagaya ng mga demonstrasyon at pagmartsa. Nagsasagawa ang CRS kasama ng nagpapatupad ng batas, ng mga nagpaplano ng pagtitipon, mga tagapag-ayos sa komunidad, at iba pang may-kapakanan upang pahusayin ang pakikipag-usap ng mga panig at mabawasan ang riyesgo ng karahasan sa pagtitipon.

#### Mga Tipunang Talakayan ng Krimen ng Kasuklaman & Pangangalaga ng mga Bahay-Sambahan

Ang CRS ay nagtataguyod ng mga  kalahating-araw na pagpulong kung saan tinuturuan ng mga nagpapatupad ng batas, tagausig, at iba pang dalubhasa ang mga komunidad tungkol sa estado at federal na mga batas pangkasuklaman, pag-uulat, at mga kaugnay na paksa. Isang ikalawang kalahating-araw na pagpulong, ang Pangangalaga ng mga Bahay-Sambahan, ay tinitipon ang nagpapatupad ng batas, mga pinunong batay sa pananampalataya, at mga ibang dalubhasa upang turuan ang mga komunidad tungkol sa sinasabing krimen ng kasuklaman na nag-aasinta ng mga bahay pampananampalataya

#### Mga Pagsasanay Pangkabatiran ng Komunidad para sa Nagpapatupad ng Batas

Sa pagsisikap na paunlarin ang mga kaugnayan ng nagpapatupad ng batas at mga magkaibang komunidad na sinisilbihan nila, nagkakaloob ang CRS ng mga pagsasanay tungkol sa mga kaugalian, kalinagan, at pagsasagawa ng iba-ibang komunidad. Kabilang sa mga pagsasanay na ito ang *Engaging and Building Partnerships sa mga Muslim American, Engaging and Building Partnerships sa mga Sikh American, at Law Enforcement and the Transgender Community* Pinadadali ng CRS ang mga pagsasanay na palitang aksiyon] na ito na katulong ang mga dalubhasa ng lokal na usapin

## Tungkol sa CRS

Itinatag ng Title X ng Civil Rights Act noong 1964, ang mga serbisyo ng CRS ay pinalawak ng Matthew Shepard at James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009. Ang CRS, isang bahagi ng United States Department of Justice, ay nagsisilbi bilang "America's Peacemaker" para sa mga komunidad na humaharap ng pagkabahala o pagtatalo batay sa pagkakaiba ng lahi, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, at kapansanan. Sa pamamagitan ng mga serbisyong pinagkakaloob ng CRS, dinadagdagan ng sangay ang kakayahan ng mga kasapi ng komunidad, nang nakapag-iisa at sama-sama,na pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapataas ng kaalaman, at pakipag-usapan sa kani-kanila.


## Mga Serbisyo at Programa ng CRS

Nagkakaloob ang CRS ng isang hanay ng mga programa sa mga komunidad na nagdadanas ng pagkabahala, bilang gamit upang patubuin ang pakipag-unawaan, pahusayin ang pakipagtulungan, at hadlangan ang mga hindi pagkasundo sa hinaharap. Mga propesyonal na tagapamagitan, tagapadali, tagasanay at kasangguni na may karanasan sa pagsasama-sama ng mga kasapi sa komunidad upang dagdagan ang kanilang kakayahang lutasin ang mga umiiral na pagtatalo at hadlangan ang mga pagtatalo sa hinaharap.

## Saan Kami Nagsasagawa

**CRS Headquarters**
[punong himpilan]
Washington, DC

**Mga CRS Regional Office**
[sangay pampook]




**New England**
Boston, MA

**Northeast**
New York, NY

**Mid-Atlantic**
Philadelphia, PA

**Southeast**
Atlanta, GA

**Midwest**
Chicago, IL

**Southwest**
Dallas, TX

**Central**
Kansas City, MO

**Rocky Mountain**
Denver, CO

**Western**
Los Angeles, CA

**Northwest**
Seattle, WA

**Mga CRS Field Office**
[sangay panglarangan]

Miami, FL
Detroit, MI
Houston, TX
San Francisco, CA

## Hanapin kami, makitungo sa amin

**www.justice.gov/crs**

facebook.com/DOJCRS/

@DOJ_CRS

askcrs@usdoj.gov

202.305.2935

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa na ito o mga ibang serbisyo ng CRS, makiugnay sa inyong lokal na tanggapan ng CRS: https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices